
# Kapag inakala mong isahan lamang itong "trial"... Mag-ingat dahil baka magkaproblema sa regular na pagbili!




"Noong nag-order ako ng mga produktong pangkalusugan o kosmetiko sa balak na isahan lamang itong [trial], mayroong kondisyon na [regular na pagbili] kung saan regular akong padadalhan ng produkto!" Nagkakaroon ng ganitong problema.

Edit/Isyu NCAC 国民生活センター NATIONAL CONSUMER AFFAIRS CENTER OF JAPAN



# Mag-ingat sa ganitong screen!

Sales website para sa diet supplement

Final confirmation screen para sa pag-apply




**Binibigyang-diin ang nakasulat na presyo**

May nakasulat na "0 JPY na lang para sa unang pagbili (may bayad na 500 JPY lamang para sa shipping fee)"

**Kailangang mag-scroll nang maraming beses upang makita ang kabuuan ng website.**

**Walang nakasulat na ito ay kontrata para sa regular na pagbili, at ang nakasulat lamang ay ang bilang at presyo ng unang pagbili.**

Ang nakasulat lamang ay "●● course, 500 JPY; bilang na 1."



**Nakasulat nang maliit ang mga kondisyon para sa regular na pagbili, presyo mula sa ikalawang pagbili, at ang mga kondisyon para sa pagkansela ng kontrata/pagbabalik sa produkto.**

Nakasulat nang maliit ang "Mula sa 4 na buwan at pataas na pagbili ang kondisyon para sa ●● course," "Ang kabuuang presyo para sa 4 na beses na pagtanggap ay 12,500 JPY," "Para sa pagkansela sa kontrata/pagbabalik sa produkto..." atbp.

## Mga Check Point Upang Hindi Magkaproblema

### ★Bago Mag-order

- ☐ Maaaring nakasulat sa maliliit na titik ang mga importanteng kondisyon ng kontrata. Kinumpirma mo ba nang mabuti ang lahat ng dako ng website bago bumili?
- ☐ Ang regular na pagbili ba ay kondisyon para dito?
- ☐ Kung ang regular na pagbili ay kondisyon, nakatakda ba ang panahon na kailangan itong ipagpatuloy at kung ilang beses? Magkano ang kabuuang halaga na babayaran?
- ☐ Kinumpirma mo ba "kung maaaring kanselahin ang kontrata/ibalik ang produkto" at "kondisyon kung maaaring kanselahin ang kontrata/ibalik ang produkto"?
- ☐ Kinumpirma mo ba ang paraan kung paano makipag-ugnayan sa oras na kakanselahin ang kontrata?
- ☐ Nag-save ka ba ng screenshot o nag-print ng email na natanggap noong nag-order ka?

### ★Pagkatapos Mag-order

- ☐ Nag-iwan ka ba ng rekord ng tawag, email, atbp. bilang pruweba na nakipag-ugnayan ka sa kumpanya sa kasong hindi mo sila ma-contact?

Edit/Isyu：Public Relations Department, National Consumer Affairs Center of Japan (Corporate Number 4021005002918)
3-13-22 Takanawa, Minato-ku, Tokyo
Disenyo/Salin：Prime Concept Inc.
Inisyu noong Marso 2021